



Cerebral Palsy

Ang cerebral palsy, isang grupo ng mga disorder na nakaka-apekto sa kilos at koordinasyon ng muscle, ay ang nangungunang sanhi ng motor disability (kapansanan sa pagkilos) sa mga kabataan sa Estados Unidos. Ang mga sintomas ay malaki ang pagkakaiba-iba sa isa't isa, mula sa mga banayad na kaso na nagdudulot ng kaunting kahirapan sa paglalakad hanggang sa mas matinding mga kaso na kinakailagnan ang dalubhasang pag-aalaga.



TANONG: Ano ang cerebral palsy (CP)?

1 Bumisita sa <https://www.christopherreeve.org/international/tagalog-hub/> para sa mga karagdagang mapagkukuhanan ng impormasyon at tulong | Na-update: Oktubre 2023

Ang cerebral palsy ay isang grupo ng mga neurological disorder na hinahadlangan ang pagkokontrol sa muscle at pagkilos. Ang mga sintomas ay lumalabas hanggang sanggol o sa umpisa ng kabataan.

TANONG: Ano ang mga sanhi ng CP?

Ang Cerebral Palsy ay sanhi ng abnormal na pagdevelop ng utak o pinsala sa nagde-develop na utak na nagaganap bago o habang ipinapanganak, o sa loob ng mga unang taon ng buhay.

Ang karamihan sa CP (85-95%) ay congenital (na nagaganap bago o habang ipinapanganak.) May maliit na porsiyento na sanhi ng kawalan ng oxygen habang ipinapanganak, pero ang tiyak na sanhi sa karamihang mga kaso ay hindi kilala.

Kapag nagaganap ang CP ng higit sa 28 araw makalipas na ipanganak, ito ay kilala bilang acquired CP at karaniwang may kaugnayan sa isang impeksyon (tulad ng meningitis) o pinsala sa utak.

TANONG: Ano ang iba't ibang mga uri ng CP?

Ang cerebral palsy ay maaaring makategorya batay sa pangunahing uri ng kilos na naapektuhan.

Ang Spastic cerebral palsy, na nakakategorya ayon sa katigasan ng muscle, ay ang pinakakaraniwang uri ng cerebral palsy. Ang mga sintomas ay depende sa mga parte ng katawan na kabilang.

- **Spastic diplegia:** Ang naninigas na mga muscle sa balakang at parehong binti ay nagiging sanhi ng pagkapiki at pagdidikit ng mga tuhod na kilala bilang 'scissoring'.
- **Spastic hemiplegia:** Ang isang parte ng katawan ay naapektuhan, kung saan ang braso ay karaniwang mas napinsala kaysa sa binti.
- **Spastic quadriplegia:** Ang lahat ng apat na limbs (mga braso at binti), ang trunk (gitnang parte ng katawan), at ang mga muscle na nagko-kontrol sa bibig at dila ay naapektuhan. Ang mga ito ang pinakamalubhang mga kaso; ang paglalakad ay karaniwang di posible at may mga intellectual na kapansanan, mga seizure, at mga problema sa paningin, pandinig at pananalita ay maaari rin maranasan.

Dyskinetic cerebral palsy, ay nakakategorya ayon sa mga pag-iba iba ng mga muscle tone, mga pagkontrol sa limitasyon sa paggalaw ng mga kamay, braso, paa, at binti. Ang mga bata ay maaaring may problemang matutunan na makontrola ang kanilang mga katawan nang husto upang makaupo at

makapaglakad. Kung ang mga muscle sa mukha at dila ay apektado, may mga kahirapan rin sa paghigop, paglubok at pananalita.

Ang Ataxic cerebral palsy ay nakaka-apekto sa balanse at koordinasyon. Maaaring kabilang sa mga sintomas ang di matatag na gait at kahirapang kumilos na kailangan ang eksaktong koordinasyon, tulad ng kailangan sa pagsusulat at pagsasara o pagtatanggal ng butones sa damit.

Ang Mixed cerebral palsy ay nagaganap kapag ang mga indibiduwal ay may mga sintomas na higit para sa isang uri ng CP; ang pinakakaraniwang kombinasyon ay ang spastic-dyskinetic CP.

TANONG: Ano ang mga hudyat na may CP?

Ang mga pangunahing hudyat na ang isang bata ay maaaring may CP ay nahuling mga milestone sa pagkilos, kasama na ang pagtiyaha, pag-upo, pagtayo at paglalakad.

Ang iba pang mga sintomas na maaaring makita sa unang mga taon ng buhay ng bata ay ang mahinang muscle tone, paninigas ng joints o muscles, di makontrolang mga kilos sa mga braso o binti, kakulangan ng koordinasyon at/o balanse, kahirapan sa paglunok, muscle spasticity, mga panginginig, at kahirapan sa fine motor skills.

TANONG: Ano ang iba pang mga kondisyon na maaaring maka-apekto sa isang bata na may CP?

Ang ilang mga bata ay namumuhay nang may CP ay maaari rin magkaroon ng mga intellectual na kapansanan, mga seizure disorder, naantalang paglaki at development, spinal deformities (scoliosis), huminang paningin, kawalan ng pandinig, speech at language disorder, kawalan ng kakayahan na mapigilan ang sarili, sobrang paglalaway, mga problema sa ngipin (denta), huminang kalusugan ng buto at mga kahirapang matuto.

TANONG: Paano nakikilala ang sakit (diagnose) ang CP?

Babantaya ng mga doktor ang paglaki at development ng bata; kung may mga sintomas na lumabas na nagpapahiwatig na may CP, isang developmental screening ang ibibigay para makilala at matasa ang mga tiyak na pagkakahuli. May mga sumunod na developmental at medikal na evaluation sa screening upang ma-diagnose ang tiyak na uri ng CP. Kung banayad lang ang mga sintomas, di maaaring kumpirmahin ang diagnosis hanggang umabot sa edad na 4 o 5.

TANONG: Paano ginagamot ang CP?

Habang kasalukuyang walang lunas para sa CP, may iba't ibang mga tiyak sa sintomas na paggagamot, kasama na ang mga medikasyon, pag-opera, braces, at physical, occupational, speech at recreation therapies, na maaaring mapangasiwaan ang disorder, gawing mas independiyente, at mapahusay ang kalidad ng pamumuhay.

TANONG: May mga clinical trial ba para sa CP?

Oo. Para makahanap ng mga kasalukuyang isinasagawang trial para sa CP, magpunta sa [ClinicalTrials.gov](https://clinicaltrials.gov) (<https://clinicaltrials.gov>), isang website na maaaring paghanapan ng mga pampubliko at pribadong sinusuportahang mga clinical study na pinamamangasiwaan ng National Library of Medicine sa National Institutes of Health (<https://www.nlm.nih.gov>).

Mga Pinagkukuhanan ng Impormasyon: Centers for Disease Control and Prevention, National Institute of Neurological Disorders and Stroke.

Kailangan ng kausap?

Maaaring tumugon ang aming Mga Information Specialist sa inyong mga tanong. Tumawag sa libreng toll, 1-800-539-7309 Lun-Biy, 7 am-12 am (hatinggabi) EST.

O mag-iskedyul ng tawag o magtanong online sa

<https://connect.paralysis.org/tl/send-us-your-question>.

Ang impormasyong nakapaloob sa mensaheng ito ay inilalahad para sa layunin ng pagbibigay-kaalaman at impormasyon sa inyo tungkol sa paralysis at sa mga epekto nito. Walang anumang nakapaloob sa mensaheng ito ang dapat ipakahulugan o gamitin para sa medikal na diyagnosis o paggamot. Hindi ito dapat gamitin na panghalinhin sa payo ng inyong doktor o iba pang kwalipikadong health care provider. Kung mayroon kayong mga tanong na may-kaugnayan sa health care, agad na pakitawagan o puntahan ang inyong doktor o iba pang kwalipikadong health care provider. Palaging kumonsulta sa inyong doktor o iba pang kwalipikadong health care provider bago magsimula sa panibagong paggamot, diyeta, o programa sa fitness. Hindi ninyo dapat kailanman balewalain ang medikal na payo o mag-atubili sa paghahanap nito dahil sa anumang nabasa ninyo sa mensaheng ito.

Ang lathalang ito ay sinusuportahan ng Administration for Community Living (ACL), U.S. Department of Health and Human Services (HHS) bilang bahagi ng gawad sa pinansyal na tulong na may kabuuang halaga na \$10,000,000 na 100 porsiyentong pinopondohan ng ACL/HHS. Ang mga nilalaman ay mula sa (mga) may-akda at hindi tuwirang kumakatawan sa mga opisyal na pananaw ng, ni pag-eendorso ng ACL/HHS, o ng Pamahalaan ng U.S.